

Department of Education  
National Capital Region  
**SCHOOLS DIVISION OFFICE  
MARIKINA CITY**

# **GABAY SA PAGGAMIT NG MODYUL**



**City of Good Character**  
**DISCIPLINE • GOOD TASTE • EXCELLENCE**

Government Property  
**NOT FOR SALE**



Republic of the Philippines  
CITY OF MARIKINA



Minamahal kong mag-aaral ng Marikina,

Sa pagsisimula ng klase para sa taong 2020, lubos na mahalaga sa akin na maingat ka mula sa panganib ng COVID-19. Prayoridad ko na masiguro na lagi kang ligtas habang maayos at mahusay na nakakasabay sa pagbabago sa paraan o sistema ng pag-aaral mula sa tradisyonal na face-to-face classroom learning patungo sa blended learning approach kung saan magiging virtual schoolroom ang inyong tahanan.

Prayoridad ko na masiguro na mayroon kang access sa mga learning materials na gagamitin ng inyong mga guro at hindi mahihinto ang inyong pagkatuto sa kabila ng pandemya. Hiling ko lamang na maging bukas at masigla ka sa hamon ng mga pagbabagong ito at magtiwala sa taglay mong kakayahan bilang batang taga-Marikina na responsable, disiplinado, at matatag sa mga pagsubok.

Sa iyong magulang, ipahatid mo ang aking pasasalamat at pagsaludo sa kanyang patuloy na pagsuporta at pag-unawa sa iyong mga pangangailangan, lalo na sa magiging paggabay niya sa iyong pag-aaral sa new normal.

**Walang batang taga-Marikina  
ang maiiwan sa pag-aaral.  
Laging buhay ang pag-asa!**

  
**MARCY R. TEODORO**  
Mayor



## PANIMULA

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito. Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran. (ADM LR Standards , 2020)

Ang nilalaman ng mga materyales sa pag-aaral ng *distance learning* ay nilinang upang magsilbing kagamitan ng bawat mag-aaral at walang sinoman ang binibigyan ng pahintulot upang ito ay pagkakakitaan.

Ang mga kagamitang ito ay binuo at sinuri ng mga piling pampublikong guro, punongguro at opisyal ng Sangay ng Marikina sa tulong na rin ng mga *validators* mula sa Philippine Normal University. Ang gabay na ito ay binuo para sa mga mag-aaral, mga magulang o tagapangalaga at ang gurong tagapagdaloy upang magsilbing patnubay sa tamang paggamit ng modyul.



## A. Ano ang MODYUL

Ang **modyul** ay isang kagamitan sa pagtuturo-pagkatuto na buo at ganap sa kanyang sarili na naglalahad ng mga tiyak na takdang gawain sa isang kaparaanang sistematiko. Ito ay ginawa bilang tugon sa pangangailangan ng mag-aaral lalo na ngayong panahon ng pandemiya.












Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mga patnubay at malayang pagkatuto ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayan sa ika-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Susubaybayan at itatala ng mga guro ang pag-unlad ng mga mag-aaral habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa guro at mga magulang ang suporta na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.








Ang mga bahagi ng modyul ay alinsunod sa *Alternative Delivery Mode Learning Resource Standards* (ADM-LR Standards) na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon noong Mayo 8, 2020.







Ang bawat modyul ay may kaniya-kaniyang kulay na pagkakakilanlan ayon sa asignatura. Tingnan ang mga kulay ng bawat modyul sa ibaba.

LEARNING AREA	COLOR
Kindergarten	pink 
English	light blue 
Math	green 
Filipino	dark blue 
Science	orange 
Araling Panlipunan (AP)	red 
Mother Tongue -Based and Multilingual Education	white 
Music, Arts, Physical Education and Health (MAPEH)	yellow 
Edukasyon sa Pagpapakatao (ESP)	brown 
Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP) / Technology and Livelihood Education (TLE)	violet 
Senior High School	black 




## Mga Bahagi ng Modyul – Kinder

 <p><b>Alamin</b></p>	<p>Sa bahaging ito, malalaman ng mag-aaral ang mga dapat niyang matutuhan sa modyul.</p>
 <p><b>Subukin</b></p>	<p>Sa pagsusulit na ito, makikita kung ano na ang kaalaman sa aralin ng modyul.</p>
 <p><b>Tuklasin</b></p>	<p>Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.</p>
 <p><b>Suriin</b></p>	<p>Sa seksyong ito, bibigyan ang mag-aaral ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.</p>
 <p><b>Pagyamanin</b></p>	<p>Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay sa pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaaring iwasto ng mga magulang ang mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.</p>
 <p><b>Isaisip</b></p>	<p>Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan ng mag-aaral mula sa aralin.</p>
 <p><b>Isagawa</b></p>	<p>Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa mag-aaral upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.</p>






## Bahagi ng Modyul - Grade 1 hanggang Grade 12

 <p><b>Alamin/ What I Need to Know</b></p>	<p>Sa bahaging ito, malalaman ang mga dapat matutuhan sa modyul.</p> <p><i>This will give you an idea of the skills or competencies you are expected to learn in the module.</i></p>
 <p><b>Subukin/ What I Know</b></p>	<p>Sa pagsusulit na ito, makikita kung ano na ang iyong kaalaman sa aralin ng modyul. Kung nakuha ang lahat ng tamang sagot (100%), maaaring laktawan ang bahaging ito ng modyul.</p> <p><i>This part includes an activity that aims to check what you already know about the lesson to take. If you get all the answers correct (100%), you may decide to skip this module.</i></p>
 <p><b>Balikan / What's In</b></p>	<p>Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulongang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.</p> <p><i>This is a brief drill or review to help you link the current lesson with the previous one.</i></p>
 <p><b>Tuklasin / What's New</b></p>	<p>Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.</p> <p><i>In this portion, the new lesson will be introduced to you in various ways; a story, a song, a poem, a problem opener, an activity or a situation.</i></p>



 <p><b>Suriin / What is It</b></p>	<p>Sa seksyong ito, magbibigay ito ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.</p> <p><i>This section provides a brief discussion of the lesson. This aims to help you discover and understand new concepts and skills.</i></p>
 <p><b>Pagyamanin/ What's More</b></p>	<p>Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaaring iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.</p> <p><i>This comprises activities for independent practice to solidify your understanding and skills of the topic. You may check the answers to the exercises using the Answer Key at the end of the module.</i></p>
 <p><b>Isaisip/ What I Have Learned</b></p>	<p>Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mula sa aralin.</p> <p><i>This includes questions or blank sentence/paragraph to be filled in to process what you learned from the lesson.</i></p>



 <p><b>Isagawa/ What I Can Do</b></p>	<p>Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.</p> <p><i>This section provides an activity which will help you transfer your new knowledge or skill into real life situations or concerns.</i></p>
 <p><b>Tayahin /Assessment</b></p>	<p>Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutunang kompetensi.</p> <p><i>This is a task which aims to evaluate your level of mastery in achieving the learning competency.</i></p>
 <p><b>Karagdagang Gawain / Additional Activities</b></p>	<p>Sa bahaging ito, may ibibigay na panibagong gawain upang pagyamanin ang kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.</p> <p><i>In this portion, another activity will be given to you to enrich your knowledge or skill of the lesson learned.</i></p>
 <p><b>Susi sa Pagwawasto/ Answer Key</b></p>	<p>Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.</p> <p><i>This contains answers to all activities in the module.</i></p>
 <p><b>Sanggunian/ References</b></p>	<p>Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.</p> <p><i>This is a list of all sources used in developing this module.</i></p>

# Mga Mahalagang Paalala sa Paggamit ng Modyul

## Para sa Mag-aaral:

1. Maging maingat sa paggamit ng modyul. Iwasang mapunit ang mga pahina nito.
2. Sagutin ang bahagi ng **Subukin** bago lumipat sa iba pang gawaing nakapaloob sa modyul.
3. Basahin at unawain ang mga panuto na nakasaad sa modyul.
4. Isagawa ang mga gawain at mga pagsasanay sa modyul.
5. Maging tapat sa pagsagot at paggawa sa mga gawain.
6. Lahat ng mga gawain na ang sagot ay isinulat sa hiwalay na papel ay ilalakip sa pagpasa ng modyul.

## Para sa Magulang

1. Gabayan ang inyong anak sa pagsagot sa modyul lalong-lalo na sa Kinder hanggang Grade 3 na hindi pa kayang mag-aral nang mag-isa.
2. **HINDI** ang magulang ang dapat sasagot sa modyul.
3. Makipag-ugnayan sa mga guro kung kayo ay may mga katanungan at hindi nauunawaan ng inyong anak sa alinmang bahagi ng modyul.
4. Sagutan ang *Feedback Form* na makikita sa susunod na pahina at ipapasa ang kopya nito kasama ng modyul sa itinakdang araw at oras ng paaralan.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng gabay na ito para sa mga magulang at mag-aaral ay nakaranas kayo ng makahulugang pagkatuto at malalim na pag-unawa kaugnay sa mga modyul na gagamitin ng mga mag-aaral.



## PARENT'S FEEDBACK FORM

Pangalan ng Mag-aaral:		Pamagat ng Modyul:	
Pangalan ng Magulang/ Guardian:		Lagda ng Magulang/Guardian:	
Petsa na Natanggap ang Modyul:		Petsa na natapos ang Modyul:	

Sagutin ang mga sumusunod nang may katapatan. Lagyan ng tsek ( / ) ang kaukulang hanay .

- 4 - Lubos na Sumasang-ayon  
 3 - Sumang-ayon  
 2 - Di-Sumasang-ayon  
 1 - Lubos na Di Sumasang-ayon  
 0 - Di Nakita sa Gawain

	4	3	2	1	0
1. Nakuha o natanggap ang modyul sa itinakdang araw.					
2. Sapat ang oras na inilaan para masagutan ng bata ang lahat ng Gawain at pagsasanay na nakapaloob sa modyul.					
3. Malinaw ang mga panuto sa bawat Gawain o pagsasanay.					
4. Madaling maunawaan ng bata ang lahat ng konseptong tinalakay sa modyul.					
5. Malinaw at maayos ang mga larawan na ginamit sa modyul.					
6. Sapat at kaiga-igaya ang pagtalakay sa bawat paksa at mga Gawain.					
7. Ang mga salitang ginamit ay madaling maintindihan at naayon sa edad ng bata.					
8. Nasagutan ng bata ang mga Gawain nang maayos kahit walang gabay ng magulang o guardian.					

1. Aling bahagi ng modyul ang napansin ninyong nahirapan o medyo di gaanong naunawaan ng inyong anak?

---

2. Isulat ang iba pang puna at suhestiyon upang mas lalo pang mapaganda o mapaayos ang modyul na ito.

---



# i love Marikina

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Schools Division Office- Marikina City

191 Shoe Ave., Sta. Elena, Marikina City, 1800, Philippines

Telefax: (02) 682-2472 / 682-3989

Email Address: [sdo.marikina@deped.gov.ph](mailto:sdo.marikina@deped.gov.ph)



**City of Good Character**  
**DISCIPLINE • GOOD TASTE • EXCELLENCE**